## Haring Josiah

(2 Hari 22-23)



Noong unang panahon, may isang batang lalaki na nagngangalang Josiah. Siya ay walong taong gulang pa lamang nang siya'y maging hari ng isang lupaing tinatawag na Judah. Bago pa man naging hari si Josiah, ang kanyang lolo at tatay na mga naging hari ay hindi na gumagawa ng tama. Nakalimutan na nila ang tungkol sa Diyos at sila ay sumasamba sa ibang mga diyos at mga idolo. Ang templo, kung saan sila dapat nagdadasal sa Diyos, ay luma at sira na.

Mahal na mahal ni Josiah ang Diyos. Kahit na siya ay bata pa, gusto niyang maging mabuting hari at gawin ang tama tulad na lang ni Haring David. Habang lumalaki si Josiah, natututo siya nang higit patungkol sa Diyos at patuloy niyang ginagawa kung ano ang tama.

Nang si Josiah ay 26 na taong gulang, napagpasyahan niyang ayusin ang malaki at magandang templo kung saan nagdadasal ang mga tao sa Diyos. Ang templo ay luma at sira-sira na, at gusto ni Josiah na ito'y maging maganda muli. Pinasabi niya sa mga mangagawa linisin at kumpunihin ang templo, at gawing espesyal na lugar muli.

Isang araw, habang sila'y naglilinis, nakita ng punong pari na si Hilkiah ang isang napakaespesyal na aklat. Ang aklat na ito ay ang Aklat ng Batas, at naroon ang mga tuntunin at turo ng Diyos. Ipinakita ni Hilkiah ang aklat kay Shapan, isang tagapaglingkod ni Haring Josiah at binasa niya ito sa hari.

Nang marinig ni Haring Josiah ang laman ng aklat, siya ay labis na nagulat at nalungkot. Pinunit niya ang kanyang damit. Nalaman niya na ang mga tao sa Judah sa matagal na panahon ay hindi sumusunod sa mga tuntunin ng Diyos. Gusto ni Josiah na itama ang mga bagay na ito.

Tinipon ni Haring Josiah ang lahat ng tao. Tumayo siya sa tabi ng isang matayog na haligi at binasa ang mga salita mula sa espesyal na aklat sa lahat ng naroon. Pagkatapos, nangako siya na susunod sa mga tuntunin ng Diyos ng buong puso at hiniling sa lahat ng tao na gawin din ang ganoon. Ang lahat ay sumang-ayon at nangakong susunod sa mga tuntunin ng Diyos.

Si Josiah ay isang napakabuting hari dahil mahal niya ang Diyos at sinusubukan niyang gawin ang tama. Ipinakita niya sa lahat kung gaano kahalaga ang makinig sa Diyos at sundin ang Kanyang mga tuntunin.

Walang hari nauna man o pagkatapos ang katulad ni Josiah. Pinaglingkuran niya ang Diyos nang buong puso, buong kaluluwa at buong lakas at sumunod sa buong Kautusan ni Moses.

At sa gayon, si Haring Josiah at ang mga tao ng Judah nang panahong iyon ay namuhay nang masaya, nagmamahal at sumasamba sa Diyos nang magkakasama.

Ipinakikita sa ating kuwento ang kahalagahn ng pakikinig at pagsunod sa mga batas ng Diyos. Natutuhan natin na ang Diyos ay mapagpasensya at mapagpatawad sa mga nanunumbalik sa Kanya. Kahit na ang mga tao sa Judah ay nakalimot at tumalikod sa Diyos sa mahabang panahon, ang Diyos ay handang tumulong sa kanila na may nais sumunod sa Kanya muli. Handa ang Diyos na tanggapin tayo kung tayo ay lalapit sa Kanya na may pagpapakumbaba.

